Ang Sugo ni Allah pagpalai siya ni Allah at pangaagaan ay nagtuturo sa amin ng Tashahhud tulad ng pagtuturo niya sa ami ng kabanata ng Qur-an

Ayon kay Ibnu Abbas malugod si Allah sa kanya ay nagsabi;Ang Sugo ni Allah pagpalai siya ni Allah at pangaagaan ay nagtuturo sa amin ng Tashahhud tulad ng pagtuturo niya sa ami ng kabanata ng Qur-an,At siya ay nagsasabi; ((Ang lahat ng mga pagbati ay para kay Allah,at ang mga dasal at mabubuting bagay ay para kay Allah,Sumaiyo nawa ang pangangalaga o propeta at habag ni Allah at pangangalaga,Ang pangangalaga ay mapasa-amin at mapasa mga taong gumagawa ng mga makatarungang paglilingkod sa Allah,Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad au Sugo ni Allah)) at sa salaysay ni Ibnu Rumhin;tulad ng pagtuturo niya sa amin ng Qur-an.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ipinapahayag ng maluwalhating Hadith ang bibigkasin sa Tashahhud,at ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagsusumikap sa pagtuturo sa kanila tulad ng (pagsusumikap niya) ng pagtuturo sa kanila sa mga talata ng Qur-an, at ang bibigkasin ay;(Ang lahat ng mga pagbati ay para kay Allah,at ang mga dasal at mabubuting bagay ay para kay Allah,Sumaiyo nawa ang pangangalaga o propeta at habag ni Allah at pangangalaga,Ang pangangalaga ay mapasa-amin at mapasa mga taong gumagawa ng mga makatarungang paglilingkod sa Allah,Ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah at ako ay sumasaksi na si Muhammad au Sugo ni Allah) at ito ay kahalintulad sa binibigkas na Tashahhud na naging kilala,na nakasaad buhat kay Ibnu Mas-ud,-malugod si Allah sa kanya-at ang pagkakaiba lamang ay ang pagdagdag sa salitang Pagpapala, at ang pagtanggal sa letrang (wa) sa pagitan ng dalawang salita pagkatapos nito,At ipinapahintulot ang paggamit sa dalawang bigkas na nakasaad sa Tashahhud.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10943